Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

# Kahusayan sa grapolohikal, ortograpiya, at paggamit nito sa pagsulat ng piyesa ng talumpati sa Filipino ng mga mag-aaral sa Grado 12 sa Lalawigan ng Aklan

Dr. Jearold E. Tejada
Filamer Christian University (Paaralang Gradwado), Roxas Avenue, Roxas City, Philippines
Corresponding Author email: *jearold.tejada@deped.gov.ph*

**Received**: 16 April 2026 **Revised**: 11 June 2026 **Accepted**: 14 June 2026

**Available Online**: 15 June 2026

**Volume 1 (2026), Issue 2, P-ISSN – 3116-4463; E-ISSN - 3116-4471**

**https://doi.org/10.63498/pdpf7**

## ABSTRAK

**Layunin:** Nilalayon ng pag-aaral na ito na suriin ang antas ng kahusayan sa grapolohikal at ortograpiya ng mga mag-aaral sa Grado 12 sa lalawigan ng Aklan at alamin ang kaugnayan ng mga ito sa kanilang kakayahan sa pagsulat ng piyesa ng talumpati sa Filipino.
**Metodolohiya:** Gumamit ang pag-aaral ng mixed-methods na disenyo ng pananaliksik. Lumahok ang 381 mag-aaral na pinili sa pamamagitan ng stratified random sampling. Sa bahaging kwantitatibo, ginamit ang descriptive-correlational na disenyo upang masukat ang kahusayan sa grapolohikal, ortograpiya, at pagsulat ng talumpati, habang isinagawa naman ang Focus Group Discussion (FGD) sa bahaging kwalitatibo upang makuha ang mga pananaw at karanasan ng mga kalahok. Sinuri ang datos gamit ang frequency count, percentage, mean, standard deviation, ANOVA, at Pearson r sa antas ng kabuluhang 0.05.
**Resulta:** Ipinakita ng pag-aaral na "mahusay" ang antas ng kahusayan sa grapolohikal at ortograpiya ng mga mag-aaral, habang "napakahusay" naman ang kanilang paggamit ng mga ito sa pagsulat ng piyesa ng talumpati sa Filipino. Lumabas din na walang makabuluhang pagkakaiba at walang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng kahusayan sa grapolohikal, ortograpiya, at paggamit ng mga ito sa pagsulat ng talumpati.
**Konklusyon:** Ipinakikita ng pag-aaral na bagama't mahalagang pundasyon ng pagsulat ang grapolohikal at ortograpikong kasanayan, hindi lamang ang mga ito ang salik na nakaaapekto sa kalidad ng pagsulat ng talumpati. Binibigyang-diin nito ang kahalagahan ng integratibong pagtuturo na nagsasanib ng teknikal at komunikatibong aspekto ng wika upang higit na mapahusay ang kakayahan sa pagsulat sa Filipino.
***Mga Susing Salita:*** *grapolohiya, ortograpiya, pagsulat ng talumpati, komunikatibong kakayahan, akademikong pagsulat*

## INTRODUKSYON

Sa pandaigdigang konteksto, kinikilala ng mga organisasyong pang-edukasyon tulad ng United Nations Educational, Scientific, and Cultural Organization UNESCO na ang literacy at writing competence ay mga pangunahing kasanayang kinakailangan sa ika-21 siglo. Hindi lamang ito mahalaga sa akademikong tagumpay kundi maging sa pakikilahok ng mga mamamayan sa lipunan, ekonomiya, at demokratikong proseso. Sa iba't ibang bansa, binibigyang-diin ang paglinang ng kakayahan sa pagsulat bilang pundasyon ng mabisang komunikasyon, kritikal na pag-iisip, at malikhaing pagpapahayag. Dahil dito, patuloy na isinasagawa ang mga pag-aaral hinggil sa mga salik na nakaaapekto sa kalidad ng pagsusulat, kabilang ang mga kasanayang grapolohikal at ortograpikal na nagsisilbing batayan ng malinaw at organisadong pagpapahayag.

Sa larangan ng internasyonal na pananaliksik, lumitaw ang mga pag-aaral na nagpapakita ng mahalagang papel ng grapolohiya at ortograpiya sa pag-unlad ng kakayahan sa pagsulat. Ayon kina Danna et al. (2022), ang mga prosesong grapomotor at ortograpikal ay magkakaugnay at sabay na nakaaapekto sa pagkatuto ng pagsulat, kaya't hindi dapat paghiwalayin sa pagtataya ng kakayahan ng mga mag-aaral. Natuklasan din ng pag-aaral na ang mga limitasyon sa pagbuo ng titik at pagproseso ng ispeling ay may pinagsamang impluwensya sa pagganap sa pagsulat. Samantala, ipinakita ni Kim (2022) na ang handwriting fluency at spelling skills ay may mahalagang kontribusyon sa kalidad ng sulatin ng mga mag-aaral, lalo na sa pagbuo ng mas maayos at organisadong teksto. Pinagtibay rin nina Skar et al. (2022) na ang kahusayan sa sulat-kamay ay makabuluhang nakaaapekto sa kalidad ng mga isinulat ng



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

*Thank you for embracing the culture of research with us!*

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

mga mag-aaral sa elementarya. Dagdag pa rito, ipinakita nina Graham et al. (2023) na ang mga kasanayang mekanikal sa pagsulat, kabilang ang handwriting at spelling, ay nananatiling mahalagang salik sa paglinang ng mas mataas na antas ng kakayahang sumulat. Ang mga pag-aaral na ito ay nagpapakita ng pandaigdigang pagkilala sa kahalagahan ng mga mekanikal na kasanayan sa pagsulat bilang pundasyon ng mabisang komunikasyong pasulat.

Sa kontekstong Asyano, patuloy na hinaharap ng maraming bansa ang hamon ng pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsusulat sa gitna ng mabilis na pag-unlad ng teknolohiya at pagbabago sa sistema ng edukasyon. Sa mga bansang may multilingguwal na kaligiran tulad ng Pilipinas, Indonesia, Malaysia, at iba pa, higit na nagiging mahalaga ang paglinang ng wastong pagsulat upang mapanatili ang kahusayan sa paggamit ng katutubong wika at pambansang identidad. Sa kabila ng paglaganap ng digital na komunikasyon, nananatiling mahalaga ang tradisyunal na kasanayan sa pagsusulat bilang pundasyon ng akademikong pagkatuto at propesyonal na kahandaan. Ipinakita nina Kim et al. (2022) na ang orthographic knowledge at transcription skills, kabilang ang handwriting at spelling, ay mahalagang salik sa pag-unlad ng kakayahang sumulat ng mga mag-aaral. Samantala, natuklasan nina Limpo at Alves (2023) na bagama't lumalawak ang paggamit ng teknolohiya sa edukasyon, nananatiling mahalaga ang pundamental na kasanayan sa pagsulat sa paglikha ng de-kalidad at organisadong teksto. Ipinakikita ng mga pag-aaral na ito na ang kasanayan sa ortograpiya at pagsulat ay nananatiling mahalagang pundasyon ng literacy development sa mga bansang nakararanas ng mabilis na pagbabagong pang-edukasyon at teknolohikal.

Sa Pilipinas, ang wika ay hindi lamang kasangkapan ng komunikasyon kundi daluyan din ng kultura, kaisipan, at pambansang identidad. Sa ilalim ng K–12 Curriculum, binibigyang-halaga ang paglinang ng kasanayan sa pagbasa at pagsulat upang maging handa ang mga mag-aaral sa mas mataas na antas ng edukasyon at sa mundo ng trabaho. Kabilang dito ang pagsulat ng talumpati, isang mataas na anyo ng diskursong nangangailangan ng malinaw na organisasyon ng ideya at wastong paggamit ng wika. Ayon kina Graham et al. (2023), ang epektibong pagsulat ay nangangailangan ng integrasyon ng iba't ibang kasanayan kabilang ang organisasyon ng ideya, paggamit ng wastong wika, at kahusayan sa transcription skills gaya ng handwriting at spelling. Kaugnay nito, ipinakita nina Kim (2022) at Danna et al. (2022) na ang kahusayan sa ortograpiya, spelling, at grapomotor skills ay may mahalagang ambag sa kalidad ng pagsulat at sa kabuuang pagkatuto ng mga mag-aaral. Ipinakikita ng mga pag-aaral na ito na ang pundamental na kasanayan sa pagsulat ay nananatiling mahalagang salik sa pagbuo ng malinaw, organisado, at mabisang diskurso sa akademikong konteksto.

Sa lokal na konteksto ng Lalawigan ng Aklan, mahalagang suriin ang antas ng kahusayan ng mga mag-aaral sa grapolohiya at ortograpiya, lalo na sa pagsulat ng mga piyesa ng talumpati sa Filipino. Bagama't patuloy na pinauunlad ang pagtuturo ng wika sa mga paaralan, nananatiling hamon ang pagtiyak na ang mga mag-aaral ay nagtataglay ng sapat na kasanayan sa wastong baybay, paggamit ng bantas, at organisasyon ng mga ideya sa pagsulat. Dahil limitado pa rin ang mga pag-aaral na nakatuon sa ugnayan ng grapolohikal at ortograpikal na kasanayan sa pagsulat ng talumpati sa konteksto ng Aklan, mahalagang maisagawa ang pananaliksik na ito upang makapagbigay ng empirikal na batayan sa pagpapahusay ng pagtuturo ng Filipino sa Senior High School.

Kaya naman, layunin ng pag-aaral na ito na suriin ang antas ng kahusayan ng mga mag-aaral sa grapolohiya at ortograpiya, tukuyin ang mga karaniwang kamalian, at alamin kung paano nakaaapekto ang mga ito sa kalidad ng kanilang mga piyesa ng talumpati. Sa pamamagitan nito, inaasahang makapag-aambag ang pag-aaral sa pagpapalawak ng kaalaman hinggil sa pagtuturo ng pagsulat at magsisilbing batayan sa pagbuo ng mga interbensiyong makatutulong sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral sa Senior High School sa Lalawigan ng Aklan.

**Rebyu ng Kaugnay na Literatura at Pag-aaral**

Ang kasalukuyang pag-aaral ay nakatuon sa pagsusuri ng kahusayan sa grapolohikal at ortograpiya at ang ugnayan nito sa pagsulat ng piyesa ng talumpati sa Filipino. Kaugnay nito, mahalagang suriin ang mga umiiral na literatura at pag-aaral upang higit na maunawaan ang papel ng bawat baryabol sa paghubog ng kasanayan sa pagsulat.

Sa aspeto ng kahusayan sa grapolohikal, ipinakikita ng mga naunang pag-aaral na ang pagsusulat ay hindi lamang isang mekanikal na gawain kundi isang komplikadong prosesong kognitibo na nangangailangan ng koordinasyon ng iba't ibang kasanayan. Natuklasan nina Skar et al. (2022) na ang kahusayan sa sulat-kamay ay may positibong kaugnayan sa kalidad ng mga isinulat ng mga mag-aaral sapagkat nakatutulong ito sa mas maayos na pag-oorganisa at pagpapahayag ng mga ideya. Gayundin, ipinakita ni Kim (2022) na ang handwriting fluency ay mahalagang salik sa kalidad ng pagsulat dahil nakaaapekto ito sa kakayahan ng mga mag-aaral na makapagproseso



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

*Thank you for embracing the culture of research with us!*

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

at makapaglahad ng impormasyon nang episyente. Dagdag pa rito, binigyang-diin nina Danna et al. (2022) na ang mga kasanayang grapomotor at ortograpikal ay magkakaugnay at may mahalagang papel sa pag-unlad ng kakayahang sumulat at literacy development ng mga mag-aaral.

Samantala, sa larangan ng kahusayan sa ortograpiya, kinikilala ito bilang pundamental na kasanayan sa epektibong komunikasyon. Ipinakita nina Niolaki et al. (2023) na ang wastong baybay ay may mahalagang papel sa pag-unlad ng kakayahang lingguwistiko at pagsulat ng mga mag-aaral. Ipinakita rin ng pag-aaral nina Tops et al. (2023) na ang mahinang kasanayan sa pagbabaybay ay maaaring makaapekto sa kalidad ng pagsulat dahil nababawasan ang pokus ng manunulat sa pagbuo ng nilalaman at organisasyon ng ideya. Dahil dito, inirerekomenda ng mga mananaliksik ang paggamit ng iba't ibang estratehiyang pampagtuturo upang higit na mapaunlad ang kasanayan sa ortograpiya ng mga mag-aaral.

Kaugnay naman ng pagsulat ng piyesa ng talumpati sa Filipino, ito ay itinuturing na isang masining at intelektwal na proseso na nangangailangan ng organisadong ideya, lohikal na daloy, at wastong paggamit ng wika. Ayon kina Graham et al. (2023), ang epektibong pagsulat ay bunga ng pagsasanib ng nilalaman, organisasyon, at mga teknikal na kasanayan tulad ng handwriting at spelling. Ipinakikita rin ng mga makabagong literatura na ang kahusayan sa mekaniks ng pagsulat ay nakatutulong upang maging malinaw, organisado, at kapani-paniwala ang pagpapahayag ng mensahe. Natuklasan din na ang mga mag-aaral na may mataas na antas ng kasanayan sa pagsulat-kamay at ortograpiya ay higit na nakalilikha ng mga tekstong may mataas na kalidad kumpara sa mga may kahinaan sa mga aspektong ito.

Sa kabuuan, malinaw na may ugnayan ang kahusayan sa grapolohikal at ortograpiya sa kalidad ng pagsulat ng talumpati. Sa perspektibong komunikatibo ni Hymes (1972), ang linguistic competence na kinabibilangan ng wastong paggamit ng mga tuntuning pangwika ay mahalagang pundasyon upang makamit ang communicative competence o epektibong paggamit ng wika sa iba't ibang konteksto. Ipinahihiwatig ng mga pag-aaral na ang kakulangan sa mga teknikal na aspektong ito ay maaaring magpahina sa bisa ng komunikasyon kahit mataas ang kalidad ng nilalaman.

**Sintesis**

Batay sa mga inilahad na literatura at pag-aaral, ipinakita ng mga kaugnay na literatura at pag-aaral na ang kahusayan sa grapolohikal at ortograpiya ay may mahalagang papel sa paglinang ng kasanayan sa pagsulat. Magkakatulad ang mga pag-aaral sa kanilang pagtukoy na ang wastong pagsulat ng mga simbolo, letra, at salita, gayundin ang tamang paggamit ng mga tuntunin sa pagbabaybay at ortograpiya, ay nakatutulong sa pagpapalinaw ng mensahe at pagpapahusay ng kalidad ng sulatin. Gayunpaman, nagkakaiba ang mga resulta sa lawak ng impluwensiya ng grapolohikal na kasanayan, kung saan may ilang pag-aaral na nagpakitang limitado ang epekto nito kumpara sa ortograpiya at iba pang salik sa pagsulat.

Sa kabila ng mga natuklasang ito, kapansin-pansin na karamihan sa mga umiiral na pag-aaral ay nakatuon lamang sa hiwalay na pagsusuri ng grapolohikal o ortograpikong kasanayan. Kakaunti pa rin ang mga pag-aaral na sumusuri sa pinagsamang ugnayan ng dalawang baryabol at kung paano ito nakaaapekto sa pagsulat ng talumpati, partikular sa konteksto ng mga mag-aaral sa Senior High School. Dahil dito, nilalayon ng kasalukuyang pag-aaral na punan ang puwang na ito sa literatura sa pamamagitan ng masusing pagsusuri sa ugnayan ng kahusayan sa grapolohikal, ortograpiya, at pagsulat ng piyesa ng talumpati.

**Teoretikal na Balangkas**

Ang pag-aaral na ito ay nakabatay sa Teoryang Komunikatibo ni Dell Hymes (1972), na nagsasaad na ang tunay na kakayahang pangwika ay hindi lamang nakasalalay sa kaalaman sa mga tuntuning gramatikal ng wika kundi sa kakayahang magamit ito nang wasto, mabisa, at angkop sa iba't ibang konteksto ng komunikasyon. Binibigyang-diin ng teoryang ito ang ugnayan ng linguistic competence at communicative competence bilang mahahalagang salik sa matagumpay na paggamit ng wika.

Sa pag-aaral na ito, ang kahusayan sa grapolohikal at ortograpiya ay itinuturing na mga manipestasyon ng linguistic competence sapagkat sumasaklaw ang mga ito sa wastong baybay, bantas, kapitalisasyon, at iba pang mekaniks ng pagsulat. Ang mga kasanayang ito ay nagsisilbing pundasyon sa malinaw at organisadong pagpapahayag ng mensahe. Samantala, ang pagsulat ng piyesa ng talumpati ay itinuturing na pagpapakita ng communicative competence dahil nangangailangan ito ng kakayahang makapagpahayag ng mga ideya sa paraang angkop sa layunin, paksa, at tagapakinig.



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

Thank you for embracing the culture of research with us!

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

Ginamit ang Teoryang Komunikatibo bilang pangunahing lente sa pagsusuri at interpretasyon ng mga natuklasan ng pag-aaral. Sa partikular, ginamit ito sa pagpapaliwanag ng mga pagkakaiba sa antas ng kahusayan ng mga mag-aaral at sa pagsusuri ng ugnayan ng kahusayan sa grapolohikal at ortograpiya sa kanilang kasanayan sa pagsulat ng talumpati. Ipinapalagay ng pag-aaral na ang mas mataas na antas ng linguistic competence ay maaaring magbunga ng mas mataas na antas ng communicative competence. Dahil dito, ang anumang makabuluhang pagkakaiba o ugnayang matutuklasan sa mga baryabol ay bibigyang-kahulugan batay sa pananaw ni Hymes na ang epektibong komunikasyon ay bunga ng integrasyon ng kaalaman sa anyo ng wika at kakayahang gamitin ito sa aktuwal na sitwasyong pangkomunikasyon.

**Konseptuwal na Balangkas**

| Malayang Baryabol | | Di-Malayang Baryabol |
|---|---|---|
| Kahusayan sa Grapolohikal at Ortograpiya | — | Kasanayan sa Pagsulat ng Piyesa ng Talumpati |

*Ipinapakita rito ang kahusayan sa grapolohikal at ortograpiya at kasanayan sa pagsulat ng piyesa ng talumpati ng mga mag-aaral sa grado 12 sa lalawigan ng Aklan na naiimpluwensiyahan ng mga piling baryabol.*

**Paglalahad ng Suliranin**

Sa kasalukuyang panahon ng mabilis na pagbabago sa komunikasyon at paglaganap ng teknolohiyang digital, nananatiling mahalagang kasanayan ang mahusay na pagsulat bilang pundasyon ng akademikong tagumpay at epektibong paggamit ng wika. Sa iba't ibang bansa, patuloy na binibigyang-pansin ng mga mananaliksik ang mga salik na nakaaapekto sa kalidad ng pagsulat, kabilang ang mga kasanayang teknikal tulad ng grapolohiya at ortograpiya, sapagkat ang mga ito ay may mahalagang papel sa kalinawan, organisasyon, at pagiging epektibo ng komunikasyong pasulat. Bagama't nagkaroon ng mga pagbabago sa paraan ng paglikha at paghahatid ng mensahe dahil sa teknolohiya, nananatiling mahalaga ang wastong pagsulat bilang bahagi ng paglinang ng literasi at komunikatibong kakayahan ng mga mag-aaral.

Sa konteksto ng edukasyong Filipino, ang grapolohiya at ortograpiya ay itinuturing na mahahalagang sangkap ng kasanayang pangwika na sumusuporta sa malinaw at makabuluhang pagpapahayag ng kaisipan. Gayunpaman, ipinakikita ng ilang pag-aaral na ang pagkakaroon ng kaalaman sa mga tuntunin ng pagsulat ay hindi laging nangangahulugan ng mahusay na aplikasyon ng mga ito sa aktuwal na gawaing pampagsusulat. Sa maraming pagkakataon, nahaharap ang mga mag-aaral sa hamon ng wastong paggamit ng baybay, bantas, estruktura ng pangungusap, at iba pang mekaniks ng pagsulat habang sabay na pinauunlad ang organisasyon ng ideya at kabuuang kalidad ng kanilang mga sulatin. Dahil dito, mahalagang maunawaan kung paano nauugnay ang mga teknikal na kasanayang ito sa kanilang kakayahang makalikha ng mabisa at makabuluhang diskurso sa wikang Filipino.

Isa sa mga anyo ng akademiko at komunikatibong pagsulat na nangangailangan ng mataas na antas ng kahusayan sa wika ay ang pagsulat ng piyesa ng talumpati. Ang talumpati ay hindi lamang daluyan ng impormasyon kundi isang anyo rin ng diskursong naglalayong manghikayat, magpaliwanag, at magpahayag ng pananaw sa paraang malinaw at sistematiko. Dahil dito, inaasahang mahalagang salik ang wastong paggamit ng grapolohiya at ortograpiya sa pagbuo ng isang epektibong talumpati. Gayunpaman, nananatiling isang mahalagang usapin kung paano aktuwal na naiuugnay ng mga mag-aaral ang kanilang kaalaman sa mga teknikal na aspekto ng wika sa kanilang pagsulat ng talumpati.

Sa lalawigan ng Aklan, kung saan umiiral ang natatanging kalagayang sosyolingguwistiko at multilingguwal na karanasan ng mga mag-aaral, mahalagang suriin ang kanilang antas ng kahusayan sa grapolohikal at ortograpiya at ang kaugnayan ng mga ito sa pagsulat ng piyesa ng talumpati sa Filipino. Bagama't bahagi ng kurikulum ang paglinang sa mga kasanayang ito, limitado pa rin ang empirikal na ebidensiyang nagpapakita kung paano nagkakaugnay ang mga nasabing kasanayan sa aktuwal na pagganap ng mga mag-aaral sa pagsulat. Higit pa rito, ang impluwensiya ng makabagong teknolohiya, digital communication, at pagbabago sa mga gawi sa pagsusulat ay nagdaragdag ng pangangailangang muling suriin ang kalagayan ng mga kasanayang ito sa kasalukuyang panahon.

Sa kabila ng mga umiiral na pag-aaral tungkol sa pagsulat, ortograpiya, at komunikatibong kakayahan, nananatiling limitado ang mga pananaliksik na sabayang sumusuri sa kahusayan sa grapolohikal, kahusayan sa



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

Thank you for embracing the culture of research with us!

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

ortograpiya, at paggamit ng mga ito sa pagsulat ng piyesa ng talumpati sa konteksto ng mga mag-aaral sa Senior High School, partikular sa lalawigan ng Aklan. Ang kakulangang ito sa literatura ay nagpapakita ng pangangailangan para sa isang masusing pag-aaral na magbibigay ng empirikal na batayan hinggil sa antas ng kahusayan ng mga mag-aaral at sa kaugnayan ng mga nabanggit na kasanayan sa kanilang pagsulat. Sa pamamagitan nito, inaasahang makapag-aambag ang pag-aaral sa pagpapalawak ng kaalaman sa larangan ng wikang Filipino, komunikasyon, at pedagohiya sa pagtuturo ng pagsulat, gayundin sa pagbuo ng mga estratehiyang makatutulong sa higit na pagpapaunlad ng kasanayang pangwika ng mga mag-aaral.

**Layunin ng Pananaliksik**

**Pangkalahatang Layunin**

Layunin ng pag-aaral na suriin ang antas ng kahusayan sa grapolohikal at ortograpiya ng mga mag-aaral sa Grado 12 sa lalawigan ng Aklan at alamin ang kaugnayan ng mga kasanayang ito sa kanilang kakayahan sa pagsulat ng piyesa ng talumpati sa Filipino.

**Tiyak na mga Layunin**

1. Tukuyin ang antas ng kahusayan sa grapolohikal ng mga mag-aaral sa Grado 12 sa lalawigan ng Aklan.
2. Tukuyin ang antas ng kahusayan sa ortograpiya ng mga mag-aaral sa Grado 12 sa lalawigan ng Aklan.
3. Suriin ang antas ng paggamit ng grapolohikal at ortograpiya sa pagsulat ng piyesa ng talumpati sa Filipino.
4. Alamin kung may makabuluhang pagkakaiba sa kahusayan sa pagsulat ng piyesa ng talumpati batay sa antas ng kahusayan sa grapolohikal.
5. Alamin kung may makabuluhang pagkakaiba sa kahusayan sa pagsulat ng piyesa ng talumpati batay sa antas ng kahusayan sa ortograpiya.
6. Suriin kung may makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng kahusayan sa grapolohikal, kahusayan sa ortograpiya, at kahusayan sa pagsulat ng piyesa ng talumpati sa Filipino.

**Mga Katanungan sa Pananaliksik**

Hinangad ng pag-aaral na sagutin ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas ng kahusayan sa grapolohikal ng mga mag-aaral sa Grado 12 sa lalawigan ng Aklan?
2. Ano ang antas ng kahusayan sa ortograpiya ng mga mag-aaral sa Grado 12 sa lalawigan ng Aklan?
3. Ano ang antas ng kahusayan sa paggamit ng grapolohikal at ortograpiya sa pagsulat ng piyesa ng talumpati sa Filipino?
4. May makabuluhang pagkakaiba ba sa kahusayan sa pagsulat ng piyesa ng talumpati batay sa antas ng kahusayan sa grapolohikal ng mga mag-aaral?
5. May makabuluhang pagkakaiba ba sa kahusayan sa pagsulat ng piyesa ng talumpati batay sa antas ng kahusayan sa ortograpiya ng mga mag-aaral?
6. May makabuluhang kaugnayan ba sa pagitan ng kahusayan sa grapolohikal, kahusayan sa ortograpiya, at kahusayan sa pagsulat ng piyesa ng talumpati sa Filipino?

**Mga Ipotesis ng Pag-aaral**

Sa antas ng kabuluhang 0.05, sinubok ang mga sumusunod na null ipotesis:

H01: Walang makabuluhang pagkakaiba sa kahusayan sa pagsulat ng piyesa ng talumpati sa Filipino batay sa antas ng kahusayan sa grapolohikal ng mga mag-aaral.

H02: Walang makabuluhang pagkakaiba sa kahusayan sa pagsulat ng piyesa ng talumpati sa Filipino batay sa antas ng kahusayan sa ortograpiya ng mga mag-aaral.

H03: Walang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng kahusayan sa grapolohikal, kahusayan sa ortograpiya, at kahusayan sa pagsulat ng piyesa ng talumpati sa Filipino.

## METODOLOHIYA

**Disenyo ng Pananaliksik**

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng Sequential Explanatory Mixed Methods Design, isang uri ng mixed methods research na binubuo ng dalawang magkakaugnay na yugto: quantitative at qualitative. Sa unang yugto, nagsagawa ng pangangalap at pagsusuri ng quantitative data upang masukat ang kahusayan sa grapolohikal at ortograpiya ng mga mag-aaral at ang kanilang kasanayan sa pagsulat ng piyesa ng talumpati. Sa ikalawang yugto, nagsagawa ng kwalitatibong panayam at Focus Group Discussion (FGD) upang higit na maipaliwanag at mabigyang-



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

konteksto ang mga natuklasang resulta mula sa quantitative phase. Ang disenyong ito ay angkop sapagkat nagbibigay ito ng mas malalim at komprehensibong pag-unawa sa penomenong pinag-aaralan sa pamamagitan ng pagsasama ng estadistikal na pagsusuri at interpretasyon ng mga karanasan ng mga kalahok (Creswell, 2023).

**Populasyon at Sampol**

Ang mga kalahok sa pag-aaral ay binubuo ng 7,986 mag-aaral sa Baitang 12 mula sa iba't ibang pampublikong sekundaryang paaralan at integrated schools sa lalawigan ng Aklan sa taong panuruan 2025–2026. Gamit ang Taro Yamane Formula sa 5% margin of error, natukoy ang 381 kalahok para sa quantitative phase ng pag-aaral.

Para sa qualitative phase, pumili ng 15 na mga mag-aaral gamit ang purposive sampling. Ang mga kalahok ay pinili batay sa kanilang karanasan at aktibong pakikilahok sa pagsulat ng talumpati sa Filipino upang makapagbigay ng mas malalim at makabuluhang impormasyon kaugnay ng paksa ng pag-aaral.

**Sampling Technique.** Gumamit ang pag-aaral ng kombinasyon ng stratified random sampling at purposive sampling. Ang stratified random sampling ay ginamit sa quantitative phase upang matiyak ang representasyon ng iba't ibang paaralan at strand sa Senior High School. Samantala, purposive sampling ang ginamit sa qualitative phase upang makapili ng mga kalahok na may sapat na kaalaman at karanasan sa paggamit ng wikang Filipino at pagsulat ng talumpati.

**Kalahok ng Pag-aaral.** Ang mga kalahok sa quantitative phase ay mga mag-aaral sa Baitang 12 mula sa iba't ibang strand tulad ng Academic, Technical-Vocational-Livelihood (TVL), Sports, at Arts and Design. Para naman sa qualitative phase, kabilang ang mga piling mag-aaral na nagpakita ng iba't ibang antas ng kahusayan sa pagsusulit. Ang kanilang pakikilahok ay boluntaryo at isinagawa alinsunod sa mga etikal na pamantayan ng pananaliksik.

**Mga Ginamit na Instrumento sa Pananaliksik**

Para sa quantitative data, gumamit ang mananaliksik ng self-made test na binubuo ng mga aytem na sumusukat sa kahusayan sa grapolohikal at ortograpiya. Ang pagsusulit ay nahahati sa dalawang pangunahing bahagi: kahusayan sa grapolohikal at kahusayan sa ortograpiya. Gumamit din ng analytic rubric sa pagsulat ng talumpati na tumataya sa nilalaman, organisasyon, gamit ng wika, mekaniks, at kabisaan ng presentasyon ng ideya.

Para naman sa qualitative data, gumamit ng semi-structured interview guide at Focus Group Discussion (FGD) guide na naglalaman ng mga bukas na tanong hinggil sa karanasan ng mga kalahok sa paggamit ng Filipino sa pagsulat at sa mga hamon at estratehiyang kanilang ginagamit.

Ang lahat ng instrumento ay sumailalim sa content validation ng tatlong eksperto sa larangan ng Filipino, pananaliksik, at pagtataya. Batay sa kanilang pagsusuri, ang mga instrumento ay nakatamo ng mataas na antas ng balidasyon, na nagpapahiwatig ng pagiging angkop ng nilalaman para sa layunin ng pag-aaral.

Isinagawa rin ang pilot testing sa mga mag-aaral na hindi kabilang sa aktuwal na kalahok ng pag-aaral upang matukoy ang internal consistency ng mga instrumento. Ang subscale para sa kahusayan sa grapolohikal ay nagtamo ng Cronbach's Alpha na 0.876, na nagpapakita ng mataas na antas ng reliability at mahusay na pagkakapare-pareho ng mga aytem sa pagsukat ng konstrak. Samantala, ang subscale para sa kahusayan sa ortograpiya ay nagtamo ng Cronbach's Alpha na 0.807, na nagpapahiwatig din ng katanggap-tanggap hanggang mataas na antas ng reliability.

Batay sa mga pamantayan ng reliability analysis, ang mga coefficient na higit sa 0.80 ay nagpapakita ng mabuting internal consistency ng instrumento. Ipinakikita ng mga resultang ito na ang mga aytem sa bawat subscale ay may sapat na pagkakaugnay-ugnay at maaasahang sumusukat sa mga kasanayang nilalayong tasahin. Dahil dito, ang mga instrumento ay itinuturing na maaasahan at angkop gamitin sa pangunahing pangangalap ng datos ng pag-aaral.

**Pagkalap ng Datos**

Matapos makuha ang mga kinakailangang pahintulot mula sa Schools Division Office at mga punong-guro, isinagawa ang pangangalap ng datos sa mga napiling pampublikong paaralan sa lalawigan ng Aklan sa panahon ng ikalawang semestre ng taong panuruan 2025–2026.

Sa quantitative phase, pinasagutan sa mga kalahok ang pagsusulit sa grapolohikal at ortograpiya, samantalang ang kanilang piyesa ng talumpati ay sinuri gamit ang isang rubrik. Ang rubrik ay binigyan ng iskor ng tatlong (3) independent raters na mga guro sa Filipino upang matiyak ang obhetibidad ng pagtataya. Bago ang aktuwal na



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

*Thank you for embracing the culture of research with us!*

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

pagmamarka, isinagawa ang orientation at calibration session upang pag-isahin ang interpretasyon at aplikasyon ng mga pamantayan sa rubrik.

Upang matiyak ang katatagan ng pagmamarka, isinagawa ang pagsusuri ng inter-rater reliability gamit ang Intraclass Correlation Coefficient (ICC). Lumabas na ang ICC value ay 0.89, na nagpapakita ng mataas na antas ng pagkakatugma (excellent reliability) sa pagitan ng mga tagataya. Ipinapahiwatig nito na ang rubrik at proseso ng pagmamarka ay maaasahan at pare-pareho sa pagbibigay ng iskor sa mga piyesa ng talumpati.

Matapos maisagawa ang estadistikal na pagsusuri, pinili ang mga kalahok para sa qualitative phase. Isinagawa ang panayam at FGD sa mga itinakdang araw at oras na hindi nakaaapekto sa kanilang regular na klase at ito ay isinagawa online. Gumamit ng audio recording, transcription, at member checking upang matiyak ang katumpakan at kredibilidad ng datos.

**Pagsusuri ng Datos**

Para sa quantitative data, ginamit ang frequency count, percentage, mean, at standard deviation upang matukoy ang antas ng kahusayan ng mga kalahok sa grapolohikal at ortograpiya at sa pagsulat ng talumpati. Ginamit ang Pearson Product-Moment Correlation (Pearson r) upang matukoy ang makabuluhang ugnayan ng mga baryabol.

Bukod dito, ginamit din ang Analysis of Variance (ANOVA) upang matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kahusayan batay sa strand o iba pang demograpikong baryabol ng mga kalahok. Ang antas ng kabuluhan ay itinakda sa 0.05 alpha level.

Para naman sa qualitative data, ginamit ang thematic analysis upang tukuyin, suriin, at bigyang-kahulugan ang mga umuusbong na tema mula sa mga panayam at FGD. Ang integrasyon ng quantitative at qualitative findings ay isinagawa sa yugto ng interpretasyon upang makabuo ng mas komprehensibong pag-unawa sa resulta ng pag-aaral.

**Mga Pagsasaalang-alang sa Etika**

Sa pag-aaral na ito, mahigpit na sinunod ng mananaliksik ang mga umiiral na pamantayang etikal sa pananaliksik. Bago ang pangangalap ng datos, ang kinakailangang pahintulot ay nakuha mula sa Schools Division Superintendent, mga punong-guro, at iba pang kinauukulang awtoridad.

Alinsunod sa umiiral na institusyonal na patakaran sa pananaliksik sa larangan ng edukasyon, ang pag-aaral ay itinuring na minimal risk research, sapagkat hindi ito kinasasangkutan ng sensitibong impormasyon at isinagawa sa loob ng normal na kontekstong pang-edukasyon na hindi lumalampas sa karaniwang karanasan ng mga kalahok. Bilang pagtalima sa mga alituntunin ng unibersidad na pinanggalingan ng mananaliksik, ang nasabing pag-aaral ay kinilalang exempted mula sa pormal na pagsusuri ng Ethics Review Board/Research Ethics Committee. Ang ganitong klasipikasyon ay naaayon din sa naging pasya at rekomendasyon ng mga panelist na umupo sa ilang yugto ng oral na depensa, kung saan kinumpirma na ang disenyo at pamamaraan ng pananaliksik ay hindi nangangailangan ng karagdagang full ethics review.

Binigyan ang lahat ng kalahok ng Informed Consent Form na naglalaman ng kumpletong impormasyon hinggil sa layunin, pamamaraan, inaasahang benepisyo, at posibleng panganib ng pag-aaral. Tiniyak ang malaya at boluntaryong pakikilahok ng mga kalahok, gayundin ang kanilang karapatan na umatras sa anumang yugto ng pag-aaral nang walang anumang uri ng parusa o kapinsalaan.

Mahigpit ding sinunod ang mga probisyon ng Republic Act No. 10173 o Data Privacy Act of 2012, partikular sa pangangalaga ng kumpidensyalidad at seguridad ng lahat ng nakalap na datos. Ang lahat ng impormasyon, kabilang ang mga audio recording, transkripsyon, at iba pang dokumentasyon, ay ligtas na inimbak at ginamit lamang para sa layuning pang-akademiko ng pag-aaral na ito.

## MGA RESULTA AT TALAKAYAN

Binubuo ang bahaging ito ng pagsusuri sa datos mula sa tatlong daan walumpu't isa (381) na kalahok na pawang mga mag-aaral sa Grado 12 mula sa iba't ibang pampublikong sekundaryang paaralan sa lalawigan ng Aklan. Ginamit ang stratified random sampling upang matiyak ang representasyon ng bawat paaralan at isinagawa ang pagkuha ng datos sa pamamagitan ng mga pagsusulit at pagsulat ng piyesa ng talumpati.

Tinalakay sa bahaging ito ang ugnayan ng kahusayan sa grapolohikal at ortograpiya sa kalidad ng pagsulat ng talumpati, kabilang ang mga salik tulad ng organisasyon ng ideya, wastong baybay, paggamit ng bantas, at



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

estruktura ng sulatin. Layunin ng bahaging ito na maipakita ang epekto ng mga teknikal na kasanayan sa wika sa kabuuang kakayahan sa komunikasyong pasulat at ang implikasyon nito sa pagpapabuti ng pagtuturo ng Filipino sa antas ng Senior High School.

**Talahanayan 1.**
*Kahusayan sa Grapolohikal ng mga Mag-aaral*

| Baryabol | Mean | Description | SD |
|---|---|---|---|
| Kahusayan sa Grapolohikal | 18.50 | Mahusay | 3.47 |

| Iskala | Deskripsyon |
|---|---|
| 20.01-25.00 | Napakahusay |
| 15.01-20.00 | Mahusay |
| 10.01-15.00 | Katamtaman |
| 5.01-10.00 | Mababa |
| 0.00-5.00 | Lubhang Mababa |

Natuklasan sa pag-aaral na ang mga mag-aaral sa Grado 12 ay may "Mahusay" na antas ng kahusayan sa grapolohikal (M = 18.50, SD = 3.47), na nagpapahiwatig ng mahusay na kasanayan sa wastong baybay, bantas, at maayos na sulat-kamay. Ipinahihiwatig nito na sa pangkalahatan, malinaw at organisado ang kanilang pagsusulat na nakatutulong sa epektibong pagpapahayag ng ideya, na bunga ng patuloy na paglinang ng kasanayang ito mula batayang edukasyon hanggang Senior High School.

Sinusuportahan ito ng FGD kung saan binigyang-diin ng mga kalahok ang disiplina at pagiging maingat sa pagsulat. Ilan sa kanilang pahayag ay: *"Sinisikap kong panatilihin ang tamang anyo ng mga letra para mas maunawaan ng bumabasa ang aking ideya"* at *"natutunan kong maging responsable sa bawat letra na sinusulat ko,"* na nagpapakita ng mataas na antas ng kamalayang lingguwistiko at self-monitoring sa pagsulat.

Ayon sa pananaliksik nina Apridayani et al. (2026) na ang feedback literacy ay nakaaapekto sa kung paano tinatanggap, pinoproseso, at ginagamit ng mga mag-aaral ang feedback sa kanilang pagsulat, mahalaga ang feedback ng guro sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral dahil nakatutulong ito sa paglinang ng self-regulated learning at sa pagpapabuti ng kalidad ng kanilang output. Samantala, binibigyang-diin nina Zhang et al. (2019) na ang formative feedback ay epektibong nakatutulong sa pagpapabuti ng writing performance lalo na kung ito ay malinaw, tiyak, at nakatuon sa pagwawasto ng teksto. Kaugnay nito, ipinakita rin sa pag-aaral nina Teng at Ma (2024) na ang metacognition at feedback literacy ay mahalagang salik sa kakayahan ng mga mag-aaral na magmonitor at magrebisa ng kanilang sariling sulatin.

Sa kabuuan, ang "Mahusay" na antas ng grapolohikal na kahusayan ay bunga ng epektibong pagtuturo, tuloy-tuloy na pagsasanay, feedback ng guro, at self-regulation ng mga mag-aaral. Gayunpaman, ang SD na 3.47 ay nagpapahiwatig na may ilang mag-aaral pa ring nangangailangan ng karagdagang gabay upang mas maging konsistent ang kalidad ng kanilang sulat-kamay.

**Talahanayan 2.**
*Kahusayan sa Ortograpiya ng mga Mag-aaral*

| Baryabol | Mean | Description | SD |
|---|---|---|---|
| Kahusayan sa Ortograpiya | 18.84 | Mahusay | 3.48 |

| Iskala | Deskripsyon |
|---|---|
| 20.01-25.00 | Napakahusay |
| 15.01-20.00 | Mahusay |
| 10.01-15.00 | Katamtaman |
| 5.01-10.00 | Mababa |
| 0.00-5.00 | Lubhang Mababa |

Natuklasan sa pag-aaral na ang mga mag-aaral sa Grado 12 ay may "Mahusay" na antas ng kahusayan sa ortograpiya (M = 18.84, SD = 3.48), na nagpapahiwatig ng mataas na kasanayan sa wastong baybay, bantas, at


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

*Thank you for embracing the culture of research with us!*

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

paggamit ng mga tuntunin sa ortograpiyang Filipino, bagama't may bahagyang pagkakaiba-iba sa kanilang kasanayan. Ipinahihiwatig nito na sa pangkalahatan ay naipapakita ng mga mag-aaral ang maayos na paggamit ng wika sa pagsulat.

Sinusuportahan ito ng FGD kung saan binigyang-diin ng mga kalahok ang patuloy na pagsasanay at disiplina sa pagsusulat. Ilan sa kanilang pahayag ay: *"lagi kong sinisiguro na tama ang baybay at paggamit ng bantas" at "tinuruan kami ng guro na hindi umasa lamang sa apps kundi suriin din ang sariling gawa,"* na nagpapakita ng mataas na kamalayan sa tamang ortograpiya at responsableng paggamit ng wika.

Kaayon nito, ipinakita sa pag-aaral na ang paggamit ng teknolohiya ay nakapagbibigay ng agarang feedback na nakatutulong sa pagpapabuti ng writing accuracy ng mga mag-aaral. Gayunpaman, binibigyang-diin na ito ay dapat gamitin bilang pantulong lamang at hindi kapalit ng kritikal na pag-iisip at sariling pag-eedit ng sulatin (Zhang et al., 2021). Kaayon din ito ng mga pananaw na lumitaw sa focus group discussion (FGD), kung saan binigyang-halaga ang papel ng gabay at sariling pagsusuri sa pagsulat.

Ipinakita rin sa mga tugon ang kahalagahan ng peer feedback sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsulat. Ayon kay Nelson at Schunn (2023), ang peer feedback ay epektibong nakapagpapataas ng kalidad ng pagsulat dahil nakatutulong ito sa mas aktibong pagproseso ng mga kamalian at ideya. Higit pa rito, binigyang-diin sa mga pag-aaral sa writing development na ang kolaboratibong pagkatuto ay nakatutulong sa pagpapalakas ng ortograpikong kasanayan at self-regulation sa pagsulat. Lumitaw din sa mga tugon ang pagpapahalaga sa wika bilang bahagi ng identidad, kung saan ang tamang baybay ay itinuturing na tanda ng paggalang at responsibilidad sa paggamit ng sariling wika.

Sa kabuuan, ang "Mahusay" na antas ng kahusayan sa ortograpiya ay bunga ng pinagsamang epekto ng epektibong pagtuturo, tuloy-tuloy na pagsasanay, teknolohikal na suporta, kolaboratibong pagkatuto, at kultural na kamalayan sa wika. Gayunpaman, ang SD na 3.48 ay nagpapahiwatig na may ilang mag-aaral na nangangailangan pa ng karagdagang gabay at pagsasanay upang higit pang mapataas ang kanilang antas ng kahusayan sa ortograpiya at maging mas konsistent ang kanilang kasanayan.

**Talahanayan 3.**
*Mean and Standard Deviation ng Kahusayan sa Paggamit ng Grapolohikal at Ortograpiya sa Pagsulat ng Piyesa ng Talumpati sa Filipino*

| Baryabol | Mean | Description | SD |
|---|---|---|---|
| Kahusayan sa Paggamit ng Grapolohikal at Ortograpiya sa Pagsulat ng Piyesa ng Talumpati sa Filipino | 88.65 | Napakahusay | 4.12 |

| Iskala | Deskripsyon |
|---|---|
| 80.01-100.00 | Napakahusay |
| 60.01-80.00 | Mahusay |
| 40.01-60.00 | Katamtaman |
| 20.01-40.00 | Mababa |
| 0.00-20.00 | Lubhang Mababa |

Natuklasan sa pag-aaral na ang mga mag-aaral sa Grado 12 ay may "Napakahusay" na antas ng kahusayan sa paggamit ng grapolohikal at ortograpiya sa pagsulat ng piyesa ng talumpati sa Filipino (M = 88.65, SD = 4.12). Ipinahihiwatig nito na ang mga mag-aaral ay may mataas na kasanayan sa wastong baybay, bantas, tuldik, at maayos na presentasyon ng sulatin, na mahalaga sa malinaw at epektibong pagpapahayag ng mensahe sa talumpati.

Sinusuportahan ito ng FGD kung saan binigyang-diin ng mga kalahok ang kahalagahan ng pagiging maingat at paulit-ulit na pagrerebisa ng kanilang gawa. Ayon sa Kalahok 4, *"Bago ako magsulat ng talumpati, tinitiyak kong tama ang baybay at paggamit ng mga salita… paulit-ulit naming binabasa at inaayos ang mga mali."* Dagdag pa ng Kalahok 7, *"Malaking tulong din ang pagtutok ng guro sa mga detalye tulad ng paggamit ng malaking titik, wastong ispeling, at tamang bantas."* Ipinapakita rin ng Kalahok 5 na *"kapag tama ang ispeling at bantas, mas nagiging malinaw at propesyonal ang*


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

*sulatin,"* habang ang Kalahok 2 ay nagbahagi ng kahalagahan ng peer editing: *"nagtutulungan kami sa pag-eedit ng mga gawa namin bago ito ipasa."*

Ipinapakita sa pag-aaral na ang disiplina sa rebisyon at metacognitive skills ay nakatutulong sa mas mataas na kalidad ng pagsulat. Ayon kina Teng at Ma (2024), ang feedback literacy ay nagpapalakas ng kakayahan ng mga mag-aaral na suriin at rebisahin ang sariling sulatin. Samantala, ipinakita nina Zhang et al. (2019) na ang formative feedback, lalo na kung sinusuportahan ng teknolohiya, ay nagpapabuti sa writing accuracy. Dagdag pa rito, binigyang-diin nina Nelson at Schunn (2023) na ang peer feedback ay epektibo sa pagpapataas ng kalidad ng pagsulat sa pamamagitan ng kolaboratibong pagkatuto.

Sa kabuuan, ang "Napakahusay" na resulta ay bunga ng pinagsamang epekto ng masusing pagtuturo ng guro, tuloy-tuloy na pagsasanay, disiplina sa self-revision, paggamit ng sangguniang pangwika, at kolaboratibong pagkatuto. Ang mababang standard deviation (SD = 4.12) ay nagpapahiwatig din ng konsistent na mataas na antas ng kasanayan ng mga mag-aaral, bagama't may iilang nangangailangan pa ng bahagyang paglinang upang mapanatili ang ganap na kahusayan sa grapolohikal at ortograpikong pagsulat ng talumpati.

**Talahanayan 4.**
*ANOVA ng Kahusayan sa Paggamit ng Grapolohikal at Ortograpiya sa Pagsulat ng Piyesa ng Talumpati sa Filipino sa pagitan ng mga Antas ng Kahusayan sa Grapolohikal*

| Source of Variation | SS | df | MS | F | Sig. |
|---|---|---|---|---|---|
| Between Groups | 27.787 | 3 | 9.262 | 0.545 (ns) | 0.652 |
| Within Groups | 6412.238 | 377 | 17.009 | | |
| Total | 6440.025 | 380 | | | |

*p<0.05 makabuluhan sa antas na 5% ng alpa
ns p>0.05 hindi makabuluhan sa antas ng 5% ng alpa

Batay sa resulta ng ANOVA (F = 0.545, Sig. = 0.652), ipinakita na "walang makabuluhang pagkakaiba" sa kahusayan sa paggamit ng grapolohikal at ortograpiya sa pagsulat ng piyesa ng talumpati sa Filipino batay sa iba't ibang antas ng kahusayan sa grapolohikal. Ibig sabihin, ang pagkakaiba ng mean score ng mga pangkat ay hindi sapat upang maipakitang may tunay na pagkakaiba sa kanilang kakayahan, dahil ang p-value (0.652) ay mas mataas kaysa sa antas ng kahalagahan na 0.05.

Ipinahihiwatig nito na anuman ang antas ng grapolohikal na kahusayan, mababa, katamtaman, o mataas ay hindi ito nagdudulot ng makabuluhang pagbabago sa kanilang performance sa paggamit ng grapolohiya at ortograpiya sa pagsulat ng talumpati. Maaaring ito ay dulot ng magkakatulad na karanasan sa pagkatuto, iisang pamantayan ng pagtuturo, at pare-parehong exposure sa mga gawaing pagsulat at rubrik na ginagamit sa klase.

Sinusuportahan ito ng FGD kung saan lumitaw na ang mga mag-aaral ay naniniwala na ang kalidad ng talumpati ay higit na nakasalalay sa nilalaman at organisasyon ng ideya kaysa sa anyo ng sulat. Ayon sa Kalahok 2, *"Mas nakatuon kami sa nilalaman at organisasyon ng ideya kaysa sa porma ng sulat,"* habang binigyang-diin naman ng Kalahok 3 na dahil sa paggamit ng teknolohiya at spell check, *"nagiging pantay-pantay ang antas ng aming grapolohikal na kasanayan."* Dagdag pa ng Kalahok 6, kahit may kaibahan sa sulat-kamay, *"nakasalalay pa rin ang kahusayan sa kaalaman at disiplina, hindi lamang sa anyo ng sulat."*

Kaayon nito, ipinapakita sa pag-aaral na ang ortograpiya at kasanayang grapolohikal ay hindi awtomatikong nalalapat sa aktuwal na paggamit ng wika dahil naiimpluwensyahan ito ng pagsasanay, karanasan, at konteksto ng pagsulat. Ayon kina Graham et al. (2021), ang writing proficiency ay nabubuo sa pamamagitan ng tuloy-tuloy na practice at explicit instruction, kaya nagkakaroon ng pagkakaiba sa pagitan ng kaalaman sa wika at aktuwal na kasanayan sa pagsulat.

Sa perspektiba ng Communicative Competence Theory ni Dell Hymes, ang kahusayan sa grapolohikal ay maituturing na bahagi lamang ng linguistic competence, o kaalaman sa mga pormal na tuntunin ng wika. Gayunpaman, binibigyang-diin ng teorya na ang epektibong komunikasyon ay hindi lamang nakabatay sa teknikal na kaalaman sa wika kundi sa kakayahang gamitin ito nang naaangkop sa isang partikular na kontekstong komunikatibo.



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

Thank you for embracing the culture of research with us!

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

Dahil dito, ang kawalan ng makabuluhang pagkakaiba sa resulta ng ANOVA (F = 0.545, p = 0.652) ay maaaring magpahiwatig na ang pagkakaiba sa antas ng grapolohikal na kasanayan ng mga mag-aaral ay hindi sapat upang magdulot ng pagkakaiba sa kanilang kakayahang makabuo ng isang epektibong talumpati. Ipinahihiwatig ng resulta na sa pagsulat ng talumpati, mas mahalaga ang mas malawak na aspekto ng communicative competence gaya ng organisasyon ng mensahe, pagsasaalang-alang sa tagapakinig, at angkop na paggamit ng wika upang maipahayag ang layunin ng komunikasyon kaysa sa simpleng kahusayan sa mekanikal na anyo ng pagsulat.

Samakatuwid, ang natuklasan ay sumusuporta sa pangunahing palagay ni Hymes na ang pagiging mahusay sa mga tuntuning lingguwistiko ay hindi awtomatikong nangangahulugan ng pagiging mahusay na komunikador. Ang pagsulat ng talumpati ay nangangailangan ng higit pa sa wastong anyo ng mga salita; nangangailangan ito ng kakayahang gamitin ang wika bilang kasangkapan sa makabuluhang komunikasyon.

Sa kabuuan, ang hindi makabuluhang resulta ng ANOVA ay nagpapakita na ang grapolohikal na antas ng mga mag-aaral ay hindi direktang nakaaapekto sa kanilang kahusayan sa paggamit ng grapolohikal at ortograpiya sa pagsulat ng talumpati. Sa halip, mas nangingibabaw ang papel ng magkakatulad na karanasan sa pagkatuto, pagtuturo ng guro, paggamit ng teknolohiya, at kabuuang kasanayan sa pagbuo ng ideya at organisasyon ng teksto.

**Talahanayan 5.**

*ANOVA ng Kahusayan sa Paggamit ng Grapolohikal at Ortograpiya sa Pagsulat ng Piyesa ng Talumpati sa Filipino sa pagitan ng mga Antas ng Kahusayan sa Ortograpiya*

| Source of Variation | SS | df | MS | F | Sig. |
|---|---|---|---|---|---|
| Between Groups | 17.809 | 3 | 5.936 | 0.348 (ns) | 0.790 |
| Within Groups | 6422.216 | 377 | 17.035 | | |
| Total | 6440.025 | 380 | | | |

*p<0.05 makabuluhan sa antas na 5% ng alpa
ns p>0.05 hindi makabuluhan sa antas ng 5% ng alpa

Lumabas sa resulta ng ANOVA na "walang makabuluhang pagkakaiba" sa kahusayan sa paggamit ng grapolohikal at ortograpiya sa pagsulat ng piyesa ng talumpati sa Filipino batay sa antas ng kahusayan sa ortograpiya (F = 0.348, Sig. = 0.790). Ipinahihiwatig nito na ang pagkakaiba ng mean score ng bawat pangkat ay hindi sapat upang maipakitang ang antas ng ortograpikong kahusayan ay may direktang epekto sa kanilang kabuuang performance sa pagsulat ng talumpati.

Ibig sabihin, kahit ang mga mag-aaral ay may mababa, katamtaman, o mataas na antas ng kahusayan sa ortograpiya, hindi ito nagdulot ng makabuluhang pagbabago sa kanilang paggamit ng grapolohikal at ortograpiya sa aktwal na pagsulat. Maaaring ito ay bunga ng magkakatulad na karanasan sa pagkatuto, iisang pamantayan ng pagtuturo, at pantay na exposure sa mga gawaing pagsulat at rubrik na ginagamit sa klase.

Sinusuportahan ito ng FGD kung saan ipinahayag ng mga kalahok na ang ortograpikong kahusayan ay hindi nag-iisa o pangunahing batayan ng kalidad ng talumpati. Ayon sa Kalahok 1, *"kahit hindi ganoon kataas ang aking grado sa ortograpiya, natututuhan ko pa rin kung paano maging maayos ang anyo at baybay ng mga salita."* Dagdag pa ng Kalahok 5, "hindi ibig sabihin na mas mataas ang ortograpiya ay mas mahusay agad sa pagsulat," habang binigyang-diin naman ng Kalahok 9 na *"pare-pareho naman kaming tinuturuan ng tama sa paggamit ng bantas, baybay, at mga tuntunin."*

Kaayon nito, ipinapakita sa pag-aaral na ang ortograpikong kahusayan ay hindi palaging direktang tumutukoy sa kabuuang writing competence dahil naiimpluwensyahan ito ng pagsasanay, karanasan, at aktuwal na paggamit ng wika. Ayon kina Graham et al. (2021), ang kasanayan sa pagsulat ay nahuhubog sa pamamagitan ng tuloy-tuloy na pagtuturo at praktis, kaya maaaring mag-iba ang antas ng writing performance kahit may kaalaman sa ortograpiya.

Samantala, ipinakita rin nina Kim et al. (2022) na ang language learning outcomes, kabilang ang spelling at writing accuracy, ay malakas na nakadepende sa instructional exposure at learning environment, kaya nagkakaroon ng pagkakatulad o pagkakaiba sa kasanayan ng mga mag-aaral batay sa kanilang karanasan sa pagtuturo.

Mula sa lente ng Communicative Competence Theory, ang ortograpiya ay isa ring bahagi ng linguistic competence na tumutukoy sa kaalaman sa wastong baybay at mga tuntunin ng nakasulat na wika. Gayunpaman,



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

ipinapalagay ni Hymes na ang matagumpay na komunikasyon ay nakasalalay hindi lamang sa kaalaman sa mga tuntuning ito kundi sa kakayahang gamitin ang wika sa isang makabuluhan at angkop na paraan.

Ang kawalan ng makabuluhang pagkakaiba sa resulta ng ANOVA (F = 0.348, p = 0.790) ay nagpapahiwatig na ang antas ng ortograpikong kahusayan ay hindi sapat na salik upang makapagpaliwanag ng pagkakaiba sa kalidad ng pagsulat ng talumpati. Ipinakikita nito na ang mga mag-aaral, anuman ang kanilang antas ng ortograpikong kasanayan, ay maaaring makalikha pa rin ng mga talumpating may mataas na kalidad kung taglay nila ang iba pang sangkap ng communicative competence tulad ng kakayahang mag-organisa ng ideya, bumuo ng argumento, at maghatid ng mensaheng angkop sa layunin at tagapakinig.

Dahil dito, ang resulta ay hindi sumasalungat kundi higit na nagpapatibay sa pananaw ni Hymes na ang kaalaman sa mga tuntuning lingguwistiko ay isa lamang sa maraming komponent ng komunikatibong kakayahan. Ang pagiging mahusay sa ortograpiya ay mahalaga ngunit hindi sapat na sukatan ng kabuuang kakayahan sa pagsulat ng talumpati.

Sa kabuuan, ang hindi makabuluhang resulta ng ANOVA ay nagpapakita na ang antas ng kahusayan sa ortograpiya ay hindi direktang nakaaapekto sa kabuuang kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng grapolohikal at ortograpiya sa pagsulat ng piyesa ng talumpati. Sa halip, mas nangingibabaw ang papel ng magkakatulad na karanasan sa pagkatuto, pedagogical support, at integratibong kasanayan sa pagsulat tulad ng organisasyon ng ideya, nilalaman, at retorikal na pagbuo ng talumpati.

**Talahanayan 6.**
*Pearson r sa pagitan ng Kahusayan sa Grapolohikal, Kahusayan sa Ortograpiya, at Kahusayan sa Paggamit ng Grapolohikal at Ortograpiya sa Pagsulat ng Piyesa ng Talumpati sa Filipino*

| Baryabol | r | Sig |
|---|---|---|
| Kahusayan sa Grapolohikal at Kahusayan sa Ortograpiya | 0.002 (ns) | 0.976 |
| Kahusayan sa Grapolohikal at Kahusayan sa Paggamit ng Grapolohikal at Ortograpiya sa Pagsulat ng Piyesa ng Talumpati sa Filipino | (-) 0.043 (ns) | 0.403 |
| Kahusayan sa Ortograpiya at Kahusayan sa Paggamit ng Grapolohikal at Ortograpiya sa Pagsulat ng Piyesa ng Talumpati sa Filipino | 0.036 (ns) | 0.482 |

*p<0.05 makabuluhan sa antas na 5% ng alpa
ns p>0.05 hindi makabuluhan sa antas ng 5% ng alpa

Batay sa resulta ng Pearson r, ipinakita na "walang makabuluhang kaugnayan" sa pagitan ng kahusayan sa grapolohikal at kahusayan sa ortograpiya (r = 0.002, Sig. = 0.976), gayundin sa pagitan ng grapolohikal na kahusayan at paggamit ng grapolohikal at ortograpiya sa pagsulat ng talumpati (r = -0.043, Sig. = 0.403), at maging sa pagitan ng ortograpikong kahusayan at paggamit nito sa aktuwal na pagsulat (r = 0.036, Sig. = 0.482). Ipinahihiwatig nito na ang tatlong baryabol ay hindi magkakaugnay sa antas na estadistikal, sapagkat ang lahat ng p-value ay mas mataas sa 0.05.

Ibig sabihin, ang kahusayan ng mga mag-aaral sa grapolohiya ay hindi awtomatikong tumutukoy sa kanilang kahusayan sa ortograpiya, at ang mga ito ay hindi rin direktang nakaaapekto sa kanilang aktuwal na kakayahan sa pagsulat ng piyesa ng talumpati. Kahit pa may mataas o mababang antas ang isang mag-aaral sa alinman sa mga kasanayang ito, hindi ito garantiya ng katulad na antas sa iba pang aspeto ng pagsulat.

Sinusuportahan ito ng FGD kung saan binigyang-diin ng mga kalahok na ang kanilang pokus sa pagsulat ng talumpati ay mas nakatuon sa nilalaman, organisasyon ng ideya, at paghahatid ng mensahe kaysa sa teknikal na aspeto ng wika. Ayon sa Kalahok 4, *"iba kasi ang kasanayan sa anyo ng titik kumpara sa tamang paggamit ng wika,"* habang binigyang-diin ng Kalahok 5 na *"kahit mataas ang ortograpiya, hindi ibig sabihin mas mahusay agad sa pagsulat ng talumpati."* Dagdag pa ng Kalahok 7, *"mas inuuna ko ang laman at daloy ng ideya kaysa sa teknikal na aspeto."*

Kaayon nito, ipinapakita ng mga pag-aaral na sa aktuwal na pagsulat, mas nangingibabaw ang semantiko at diskorsal na kasanayan kaysa sa pormal na anyo ng wika, kaya maaaring hindi palaging lumilitaw ang direktang ugnayan ng teknikal na kasanayan at kabuuang kalidad ng sulatin. Ayon kina Graham et al. (2021), ang writing quality ay nakasalalay hindi lamang sa mechanics kundi pati sa ideya, organisasyon, at layunin ng teksto, kaya't


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

madalas na inuuna ng mga mag-aaral ang mensahe kaysa sa estriktong tuntunin ng wika, lalo na sa malikhaing pagsulat tulad ng talumpati.

Ang kawalan ng makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng grapolohikal na kahusayan, ortograpikong kahusayan, at paggamit ng mga ito sa pagsulat ng talumpati ay maaaring maipaliwanag sa pamamagitan ng Communicative Competence Theory ni Hymes. Ayon sa teorya, ang komunikatibong kakayahan ay isang multidimensyonal na konsepto na binubuo hindi lamang ng linguistic competence kundi pati ng kakayahang gamitin ang wika nang naaangkop sa iba't ibang sitwasyong komunikatibo.

Ipinahihiwatig ng mga resultang r = 0.002, r = -0.043, at r = 0.036 na ang mataas na antas ng kaalaman sa grapolohiya o ortograpiya ay hindi awtomatikong nauugnay sa mataas na kalidad ng pagsulat ng talumpati. Sa pananaw ni Hymes, ang isang mag-aaral ay maaaring bihasa sa mga teknikal na tuntunin ng pagsulat ngunit hindi kinakailangang maging higit na mahusay sa paghahatid ng mensahe, organisasyon ng argumento, o pag-angkop ng wika sa layunin ng talumpati.

Samakatuwid, ang mga natuklasan ay nagbibigay ng empirikal na suporta sa pangunahing paninindigan ng Communicative Competence Theory na ang epektibong komunikasyon ay hindi lamang produkto ng pormal na kaalaman sa wika. Sa halip, ito ay resulta ng integrasyon ng iba't ibang kasanayan sa paggamit ng wika sa aktuwal na kontekstong komunikatibo. Ipinakikita rin ng resulta na ang grapolohiya at ortograpiya ay mahalagang bahagi ng linguistic competence ngunit hindi sila sapat upang maipaliwanag ang kabuuang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng talumpati.

Sa kabuuan, ipinapakita ng resulta ng Pearson r na ang grapolohiya, ortograpiya, at aktuwal na paggamit nito sa pagsulat ng talumpati ay mga hiwa-hiwalay na dimensyon ng kasanayang pangwika na hindi direktang magkakaugnay sa antas na estadistikal. Ibig sabihin, ang kahusayan sa isang aspeto ay hindi garantiya ng kahusayan sa iba. Ang resulta ay nagpapatibay sa pananaw na ang pagsulat ng talumpati ay isang multidimensyonal na gawain na nangangailangan ng integrasyon ng nilalaman, organisasyon, retorika, at kritikal na pag-iisip, higit pa sa purong teknikal na kasanayan sa wika.

**Kongklusyon**

Batay sa kabuuang kinalabasan ng pag-aaral, nabuo ang pangkalahatang kongklusyon na ang mga mag-aaral ay nakapagtamo ng mataas na antas ng kahusayan sa parehong grapolohikal at ortograpikong aspekto ng pagsulat ng piyesa ng talumpati sa wikang Filipino. Ipinahihiwatig nito na ang mga mag-aaral ay nagtataglay ng matibay na pundasyon sa teknikal na aspeto ng pagsulat, na makikita sa maayos na presentasyon ng sulatin, wastong baybay, angkop na paggamit ng bantas, at sistematikong organisasyon ng mga ideya. Gayunpaman, sa kabila ng mataas na antas ng kahusayan, lumitaw na walang makabuluhang pagkakaiba at walang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng grapolohiya at ortograpiya at maging sa kanilang pagsasanib sa kabuuang kasanayan sa pagsulat.

Ipinapakita ng resulta na ang grapolohiya at ortograpiya ay magkahiwalay na kasanayan na hindi awtomatikong nag-iimpluwensiya sa isa't isa, at ang pag-unlad ng isa ay hindi nangangahulugang pagtaas ng antas ng isa pa o ng kabuuang kasanayan sa pagsulat. Sa halip, ang kahusayan ng mga mag-aaral ay maaaring maiugnay sa sistematikong pagtuturo ng mga guro, patuloy na pagsasanay sa pagsulat, at paggamit ng teknolohiya na tumutulong sa pagwawasto at paglinang ng kanilang kasanayan. Gayundin, ipinahihiwatig nito na ang kabuuang kalidad ng pagsulat ay hindi lamang nakasalalay sa teknikal na aspekto, kundi nangangailangan din ng mas malalim na kasanayan sa organisasyon ng ideya, retorika, at kritikal na pag-iisip.

Sa pangkalahatan, ang pag-aaral ay nagpapatunay na ang mga mag-aaral ay may sapat at balanseng kasanayan sa teknikal na aspeto ng pagsulat ng talumpati sa Filipino, ngunit ang ugnayan ng mga kasanayang ito ay hindi direktang nakaaapekto sa isa't isa. Dahil dito, mahalagang ipagpatuloy at higit pang paunlarin ang integratibong pagtuturo ng pagsulat na hindi lamang nakatuon sa wastong anyo at tuntunin ng wika, kundi maging sa pagpapalalim ng lohikal, organisado, at epektibong pagpapahayag ng ideya. Sa ganitong paraan, higit pang mahuhubog ang mga mag-aaral bilang mahusay, kritikal, at epektibong manunulat sa wikang Filipino.


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

**Rekomendasyon**

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, maaaring ipagpatuloy at higit pang paunlarin ng mga guro ng Filipino ang integratibong pagtuturo ng grapolohiya, ortograpiya, at pagsulat ng talumpati upang higit na malinang ang kasanayang pangwika ng mga mag-aaral. Maaari ring isaalang-alang ang paggamit ng mga estratehiya tulad ng writing workshops, peer editing, collaborative learning activities, at paggamit ng komprehensibong rubrik upang mapalakas ang parehong teknikal at komunikatibong aspekto ng pagsulat.

Para sa mga mag-aaral, maaaring paigtingin ang regular na pagsasanay sa pagsulat at pagrerebisa ng sariling akda upang higit na mapaunlad ang kanilang kasanayan sa wastong paggamit ng wika at organisasyon ng ideya. Maaari ding gamitin ang teknolohiya bilang pantulong sa paglinang ng kasanayan sa pagsulat habang pinananatili ang kritikal at masusing pagsusuri sa sariling gawa.

Para sa mga administrador ng paaralan at tagapagtaguyod ng edukasyon, maaaring magsagawa ng mga programang pangwika, seminar, at gawaing akademiko na magpapalawak sa kakayahan ng mga mag-aaral sa akademikong pagsulat at komunikasyon sa Filipino.

Para sa mga susunod na mananaliksik, maaaring magsagawa ng mga kaugnay na pag-aaral na susuri sa iba pang salik na may kaugnayan sa kalidad ng pagsulat ng talumpati, kabilang ang bokabularyo, gramatika, motibasyon sa pagsulat, kritikal na pag-iisip, at komunikatibong kakayahan upang higit na mapalawak ang kaalaman sa larangan ng pagtuturo at pagkatuto ng wikang Filipino.

**MGA SANGGUNIAN**

Apridayani, A., Hongboontri, C., & Watanapokakul, S. (2026). Psychological dimensions of feedback literacy in EFL writing: A mixed-methods study of teacher–student alignment. *Acta Psychologica, 264*, 106411. https://doi.org/10.1016/j.actpsy.2026.106411

Creswell, J. W., & Creswell, J. D. (2023). *Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approaches* (6th ed.). SAGE Publications. https://edge.sagepub.com/creswellrd6e

Danna, J., Longcamp, M., Nalborczyk, L., Velay, J.-L., Commengé, C., & Jover, M. (2022). Interaction between orthographic and graphomotor constraints in learning to write. *Learning and Instruction, 80*, Article 101622. https://doi.org/10.1016/j.learninstruc.2022.101622

Graham, S., Harris, K. R., & Chambers, A. B. (2021). Evidence-based practices in writing instruction. *Reading & Writing, 34*(6), 1481–1508. https://doi.org/10.1007/s11145-021-10195-6

Graham, S., Kim, Y.-S. G., Olson, C. B., & Hebert, M. (2023). The science of writing and writing instruction: Advances and directions for future research. *Review of Research in Education, 47*(1), 163–209. https://doi.org/10.3102/0091732X231163628

Hymes, D. H. (1972). On communicative competence. In J. B. Pride & J. Holmes (Eds.), *Sociolinguistics: Selected readings* (pp. 269–293). Penguin Books.

Kim, Y.-S. G. (2022). Do written language bursts mediate the relations of language, cognitive, and transcription skills to writing quality? *Written Communication, 39*(2), 200–227. https://doi.org/10.1177/07410883211068753

Kim, Y.-S. G., Park, Y., & Wagner, R. K. (2022). Is writing development related to reading development? A longitudinal investigation of transcription skills and writing quality. *Reading and Writing, 35*(9), 2261–2285. https://doi.org/10.1007/s11145-021-10239-1

Limpo, T., & Alves, R. A. (2023). Written composition in the digital age: The continuing role of transcription skills in writing quality. *Journal of Writing Research, 15*(1), 1–28. https://doi.org/10.17239/jowr-2023.15.01.01

Nelson, M. M., & Schunn, C. D. (2023). The nature of feedback: How different types of peer feedback affect writing performance. *Instructional Science, 51*(2), 245–268. https://doi.org/10.1007/s11251-022-09602-7



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

Thank you for embracing the culture of research with us!

Pandaigdigang Dyornal ng mga Pag-aaral sa Filipino (PDPF)
P - ISSN: 3116-4463; E - ISSN: 3116-4471
PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
National Book Development Board Registration as Book Publisher (Print & Digital): 6312

Niolaki, G. Z., Masterson, J., & Terzopoulos, A. R. (2023). Spelling development and its contribution to writing performance among school-age learners. *Reading and Writing, 36*(5), 1127–1148. https://doi.org/10.1007/s11145-022-10349-7

Skar, G. B., Lei, P.-W., Graham, S., Aasen, A. J., Johansen, M. B., & Kvistad, A. H. (2022). Handwriting fluency and the quality of primary grade students' writing. *Reading and Writing, 35*(2), 509–538. https://doi.org/10.1007/s11145-021-10185-y

Teng, M. F., & Ma, M. (2024). Assessing metacognition-based student feedback literacy for academic writing. *Assessing Writing, 59*, 100811. https://doi.org/10.1016/j.asw.2024.100811

Tops, W., Callens, M., Van Cauwenberghe, E., Adriaens, J., & Brysbaert, M. (2023). Spelling proficiency and writing quality in secondary education. *Reading and Writing, 36*(8), 2137–2158. https://link.springer.com/article/10.1007/s11145-022-10382-6

Zhang, H., Magooda, A., Litman, D., Correnti, R., Wang, E., Matsumura, L. C., Howe, E., & Quintana, R. (2019). eRevise: Using natural language processing to provide formative feedback on text evidence usage in student writing. *Proceedings of the AAAI Conference on Artificial Intelligence, 33*(1), 9619–9625. https://doi.org/10.1609/aaai.v33i01.33019619



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

*Thank you for embracing the culture of research with us!*